

Paghahanap sa Dios ay paghahanap sa Kanyang Mukha

“13 At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso.” (Jeremias 29:13 KJV)

Ang salitang hanapin ay nangangahulugang maghanap ng isang tiyak na bagay; magtungo upang hanapin ang isang bagay na kakaiba at walang ibang kagustuhan. Ang ‘upang hanapin’ ay ang makahanap ng isa tamang sagot at walang ibang angkop na solusyon. Patuloy na naghahanap ang mga tao ng maraming bagay na iniisip nilang mahalaga para sa kanila, tulad ng magandang reputasyon, kayamanan, trabaho, mabuting kapareha, pinakamahusay na katangian at pag-unlad sa agham. Lahat ng nabanggit ay kahanga-hanga ngunit hindi naman kinakailangan. Ano ang dapat nating hanapin?

1. Hanapin ang katotohanan: Ang katotohanan ay ito: Ang Dios ang Lumikha ng Langit at lupa at ang May-akda ng lahat ng bagay na kailangan ng tao. Maraming tao sa mundong ito ang nakamit na ang malaking reputasyon ngunit nabigong matagpuan at matanggap ang katotohanang kailangan nilang malaman. Ang isang tanyag na tao ay wala sa anumang kumpara sa isang tao na ang Anak ng Dios. ***“16 Sapagka't gayon na lamang ang pagsinta ng Dios sa sanglibutan, na ibinigay niya ang kaniyang bugtong na Anak, upang ang sinomang sa kaniya'y sumampalataya ay huwag mapahamak, kundi magkaroon ng buhay na walang hanggan.” (Juan 3:16 KJV)*** Si Jesus ay bumaba mula sa Langit upang iligtas ang mga tao mula sa kasalanan at kamatayan. Siya ay namatay sa krus, inilibing ngunit muling nabuhay mula sa kamatayan sa ikatlong araw upang bigyan ng buhay na walang hanggan ang lahat ng sumasampalataya sa Kanya. Dumating si Jesus sa mundo upang wasakin ang mga gawa at panlilinlang ni Satanang ama ng kasinungalingan, sa pamamagitan ng pagpapahayag ng katotohanan at kapangyarihan ng Dios. ***“6 Sinabi sa kaniya ni Jesus, Ako ang daan, at ang katotohanan, at ang buhay: sinoman ay di makaparoroon sa Ama, kundi sa pamamagitan ko.” (John 14:6 KJV)***

2. Hanapin ang tamang daan: Maraming paraan at impluwensya sa mundong ito ngunit ang daan ng Panginoon ang tamang daan. Maraming tao ang nagtangkang makahanap ng paraan upang maglakbay sa iba't ibang lugar upang maghanap ng yaman o manirahan sa mas magandang lupain gaya ng madalas sabihin, *‘mas luntian na pastulan’*, ngunit sa kasamaang-palad ay hindi nila alam ang daan patungo sa Langit, ang lugar na hindi lamang luntian kundi may gintong at walang hanggang lungsod. Iisa lamang ang daan upang makarating sa Langit. ***“5 Sapagka't may isang Dios at may isang Tagapamagitan sa Dios at sa mga tao, ang taong si Cristo Jesus, 6 Na ibinigay ang kaniyang sarili na pangtubos sa lahat; na pagpapatotoong mahahayag sa sariling kapanahunan;” (1 Timoteo 2:5-6 KJV)*** Si Jesus lamang ang nag-iisang tagapamagitan sa pagitan ng Dios at ng lahat ng tao. Siya ang daan patungong Langit, ang lugar na ipinangako sa lahat ng naniniwala at sumusunod sa Kanyang kalooban. Ipinapayo ni Jesus na pumasok tayo sa makitid o tuwid na pintuan na patungo sa buhay at iwasan ang pagdaan sa maluwang na pintuan na patungo sa kapahamakan. ***“13 Kayo'y magsipasok sa makipot na pintuan: sapagka't maluwang ang pintuan, at malapad ang daang patungo sa pagkapahamak, at marami ang doo'y nagsisipasok. 14 Sapagka't makipot ang pintuan, at makitid ang daang patungo sa buhay, at kakaunti ang nangakakasumpung noon.” (Mateo 7:13-14 KJV)*** Kaya kailangan mong magsumikap na pumasok sa tuwid na pintuan. ***“24 Magpilit kayong magsipasok sa pintuang makipot: sapagka't sinasabi ko sa inyo na marami ang mangagsisikap na pumasok, at hindi mangyayari.” (Lucas 13:24 KJV)***

3. Pagsikapang mabuhay nang buong-buo: Kung nais mong mabuhay nang lubos o sagana, kailangan mong tanggapin si Jesus sa iyong puso bilang iyong personal na Tagapagligtas at tanggapin Siya bilang Panginoon ng iyong buhay. ***“10 Hindi pumaparito ang magnanakaw, kundi upang magnakaw, at pumatay, at pumuksa: ako'y naparito upang sila'y magkaroon ng buhay, at magkaroon ng kasaganaan nito.” (Juan 10:10 KJV)*** Si Jesus ang iyong katiyakan upang magkaroon ng isang dakilang buhay, at si Jesus lamang ang makakatugon sa iyong mga pangangailangan. ***“26 Sapagka't nararapat sa atin ang gayong dakilang saserdoteng banal, walang sala, walang dungis, nahihawalay sa mga makasalanan, at ginawang lalong mataas pa kay sa mga langit;” (Hebreo 7:26 KJV)***

Ang Dios ang nagmamay-ari sa lahat ng tao at lahat ng bagay. Siya ang Manlilikha at Tagapagbigay na dapat nating hanapin. Hindi lamang natin dapat hanapin ang kaloob o ang ating nais kundi ang May-akda at Tagapagbigay. Ang paghahanap sa Dios ay isang tuloy-tuloy at mahabang proseso. Isang araw at gabing pagsisikap hanggang sa muling pagdating ni Jesus na aalukin Niya tayo upang sumama sa Kaniya sa Langit.

4. Hanapin ang Dios upang makilala ang Kanyang kalooban sa pamamagitan ng buhay ng panalangin: ***“7 Magsihingi kayo, at kayo'y bibigyan; magsihanap kayo, at kayo'y mangakasusumpung; magsituktok kayo, at kayo'y bubuksan: 8 Sapagka't ang bawa't humihingi ay tumatanggap; at ang humahanap ay nakasusumpung; at ang tumutuktok ay binubuksan.” (Mateo 7:7-8 KJV)*** Kapag pumunta ka sa pamilihan para bumili ng isang bagay, mayroon ka nang tiyak na pamantayan sa isip. Kaya naghahanap at nagsisiyasat ka bago ka bumili. Naglalaan ka ng oras at pagsisikap. Maaaring magdulot pa ito ng pagkaantala sa iyo, at magastos hindi lamang ng oras kundi pati na rin ng pera at pagsisikap. Maaaring hindi mo mahanap ang gusto

mo sa unang araw at babalik ka muli kinabukasan dahil naghahanap ka ng tiyak na kalidad. * Sa parehong paraan, sa iyong buhay panalangin sa Dios, kailangan mong hanapin ang mabuting kalidad ng mga sagot sa panalangin. Isaaisip ang mga mabubuting bagay na matatanggap mo kapag naghintay ka sa Dios para ibigay sa iyo ang pinakamahusay at pinakaangkop. * Oo, nangangailangan ito ng pasensya, at ganito mo kailangan sanayin ang iyong sarili habang hinihiling ang Kanyang kalooban. * Gayundin, isaaisip na ang Kanyang kalooban ay maaaring hindi umangkop sa iyong kagustuhan, ngunit tiyak na ito ang pinakamahusay para sa iyo dahil mas nakakaalam Siya kaysa sa iyo. Kaya't matalino ang tumanggap ng kung ano ang malayang ibinibigay Niya sa iyo.

Hinagad ni Haring David ang isang bagay, *“4 Isang bagay ang hiningi ko sa PANGINOON, na aking hahanapin; na ako'y makatahan sa bahay ng PANGINOON, lahat ng mga kaarawan ng aking buhay, upang malasin ang kagandahan ng PANGINOON, at magusisa sa kaniyang templo.”* (Awit 27:4 KJV) Si David noong siya ay naghahanap na manirahan sa bahay ng Dios ay hindi dahil wala siyang bahay na tirahan, kundi dahil nais niyang maging malapit sa Dios, sapagkat hinahangad niyang mamuhay magpakailanman kasama ang Dios. Si Haring David ay naghahangad ng kawalang-hanggan at ito rin ang dapat nating hangarin. Pagkatapos nating tanggapin si Jesus sa ating mga puso, kailangan nating hanapin at kilalanin Siya nang higit pa. Kailangan nating lagi Siyang sundin at pakinggan. Dapat nating hanapin ang Kanyang Salita, ang Kanyang halimbawa at ang Kanyang gabay – ang katotohanan, ang daan at ang buhay – upang hindi tayo mapalayo sa Kanya. Higit pa rito, kapag tayo ay naglilingkod sa Dios, kailangan nating hanapin Siya upang maitama, maturuan at maipaalala tayo sa tama.

Ang paghahanap sa Dios ay nangangailangan ng taimtim na pagnanais para sa Kanya, *“1 Oh Dios, ikaw ay Dios ko; hahanapin kitang maaga: kinauuhawan ka ng aking kaluluwa, pinananabikan ka ng aking laman, sa isang tuyo at uhaw na lupa na walang tubig.”* (Awit 63:1 KJV) * Ang paghahanap sa Dios ay nangangailangan ng pananampalataya at mataas na antas ng disiplina, pagsunod, katapatan, at kahandaang sundin ang lahat ng utos at kautusan ng Dios. * Ang paghahanap sa Dios ay hindi mahirap, bagkus pinadadali nito ang iyong buhay. Kapag hinahanap mo ang Dios, ikaw ay napapanatili sa tamang landas ng buhay. * Ang paghahanap sa Dios ay hindi nananakaw sa iyo kundi patuloy kang pinagpapala. Kapag hinahanap mo ang Dios, wala kang nawawala kundi makakatanggap ka ng gantimpala.

Ang paghahanap sa Dios ay upang tunay na makilala kung sino ang Dios at upang makilala ang Kanyang kalooban sa iyong buhay sa pamamagitan ng pag-aaral ng Kanyang Salita. Sinabi ng Panginoong JesuCristo sa Kanyang mga alagad, *“31 Sinabi nga ni Jesus sa mga Judiong yaon na nagsisisampalataya sa kaniya, Kung kayo'y magsisipanatili sa aking salita, kung magkagayo'y tunay nga kayong mga alagad ko; 32 At inyong makikilala ang katotohanan, at ang katotohana'y magpapalaya sa inyo.”* (Juan 8:31-32 KJV) Ang pagtangkil sa turo ng Panginoong Jesus ay hindi lamang ang malaman ang katotohanan kundi kailangan mo ring mamuhay ayon sa katotohanang ito. Kaya't ang iyong kahandaan na mamuhay sa katotohanan ang pinakamahalagang bahagi. Kung hindi ka handang isabuhay at mamuhay ayon sa Salita ng Dios, ang pag-alam sa katotohanan ay magiging isang simpleng kaalaman lamang at hindi ka malalayang ganap maliban kung mahigpit mo itong hahawakan.

Hindi ipapahayag sa iyo ng Dios ang katotohanan kung hindi ka mapagpakumbaba at magsimula sa paghahanap sa Kanya gaya ng ipinapahayag ng Kanyang Salita. *“9 Ang maamo ay papatnubayan niya sa kahatulan: at ituturo niya sa maamo ang daan niya.”* (Awit 25:9 KJV) Maliban kung ikinukumbaba mo ang iyong sarili at lumapit sa Diyos at simulan mong ipagtapat ang iyong kasalanan sa Kanya, hindi ka tuturuan ng Dios ng Kanyang daan na nagdudulot ng masaganang buhay.

Ang paghahanap sa Dios ay tungkulin ng tao. Ginawa na ng Diyos ang Kanyang bahagi, ipinadala Niya ang Kanyang Anak na si JesuCristo upang hanapin at iligtas ang nawawala ngunit hindi pa rin batid ng tao ang ginawa ng Dios para sa kanya. Si Jesus ay nagmula sa Langit, Siya ay namatay sa krus para sa ating mga kasalanan. Siya ay inilibing ngunit nabuhay na mag-uli sa ikatlong araw upang bigyan ng buhay na walang hanggan ang mga nananampalataya sa Kanya at sumusunod sa Kanyang mga yapak.

Ang paghahanap sa Dios ay pagsisisi mula sa lahat ng iyong kasalanan, kaya, *“6 Inyong hanapin ang PANGINOON samantalang siya'y masusumpungan, magsitawag kayo sa kaniya samantalang siya'y malapit: 7 Lisanin ng masama ang kaniyang lakad, at ng liko ang kaniyang mga paguisip; at manumbalik siya sa PANGINOON, at kaaawaan niya siya; at sa aming Dios, sapagka't siya'y magpapatawad ng sagana.”* (Isaias 55:6-7 KJV) Hangga't tinatawag itong ngayon, mayroon ka pang pagkakataon na magsisi sa iyong mga kasalanan at simulang hanapin ang Dios. Gawin mo iyon habang ikaw ay maayos pa. Huwag maghintay ng kagipitan o ng poot ng Dios bago mo simulan hanapin ang Kanyang mukha.

Ang paghahanap sa Dios ay paghahanap sa mukha ng Dios. Sinulat ni David ang sumusunod: *“8 Nang iyong sabihin, hanapin ninyo ang aking mukha; ang aking puso ay nagsabi sa iyo, ang iyong mukha, Panginoon,*

*ay hahanapin ko.” (Awit 27:8 KJV) Kapag nakikipag-usap tayo sa kahit kanino, tinitingnan natin ang mukha upang makita ang ekspresyon ng mukha at malaman kung ano ang nasa puso at isipan ng tao. * Ang paghahanap sa Dios ay ang hanapin ang Kanyang mukha at maunawaan ang Kanyang kalooban sa iyong buhay. * Ang ilang tao, kapag hinahanap nila ang Dios, ay hindi hinahanap ang Kanyang mukha kundi hinahanap nila ang Kanyang kamay para makuha ang mga pagpapala. Ngunit hindi sila handang sumunod sa Kanyang Salita. Ang ganitong uri ng tao ay sumusunod hangga't may dalang materyal na pagpapala sa kanilang buhay. Ngunit hindi sila handang sumunod pa nang higit kay Cristo. O pumupunta sila sa Kanya at humihingi ng tulong habang sila ay may problema, ngunit kapag sila'y nakatakas o nakalaya sa problema, tumatakas sila.*

Ang paghahanap ng mukha ng Dios ay maaaring kabilang ang mga sumusunod:

A. Ito ay tumingin nang maigi, binabantayan ang mukha ng Dios upang makita ang Kanyang reaksiyon sa iyo sa ginagawa at sinasabi mo, na nais mong panatilihin masaya Siya, na may ngiting mukha, na nagpapakita na Siya ay nasisiyahan sa iyo habang pinagmamasdan Niya ang iyong buhay at kung paano mo ipinakikilos ang iyong sarili sa mundong ito.

B. Na ikaw ay handa nang magsisi, lumayo sa mga kasalanan, at itama ang iyong mga gawi kung mapapansin mong nalungkot ang mukha ng Dios sa iyo dahil sa iyong mga maling ginawa o maling hakbang o maling aksyon na hindi ikinagagalak ng Dios.

C. Na hindi kana nag-aalala sa kung anong mga materyal na bagay ang natatanggap mo mula sa Dios basta't ang Dios ay masaya sa iyo.

Isang bagay lamang ang hiniling ni Haring David sa Panginoon, **“4 Isang bagay ang hiningi ko sa PANGINOON, na aking hahanapin; na ako'y makatahan sa bahay ng PANGINOON, lahat ng mga kaarawan ng aking buhay, upang malasin ang kagandahan ng PANGINOON, at magusisa sa kaniyang templo.” (Awit 27:4 KJV)** * Ang ibig sabihin ng manahan sa bahay ng Dios ay nais ni David na maging malapit sa Dios. Ang paghahanap sa Dios at paggawa nang eksakto sa Kanyang sinasabi sa Kanyang Salita ay magdadala sa iyo malapit sa Dios. At ang pagiging malapit sa Dios ay nangangahulugang mapoprotektahan ka, at ang pagiging malapit sa Dios ay nangangahulugang mabigyan ka ng lahat ng kailangan mo. * Ang mga hindi naghahanap sa Dios, hindi lamang nila ikinagagalit ang Dios at wala silang lugar sa kawalang-hanggan, kundi sila rin ay laging nasa panganib at banta; sila ay walang proteksiyon. * Nais ni David na manahan sa bahay ng Panginoon upang masilayan ang kagandahan ng Panginoon, upang hanapin Siya, at upang magtanong sa Kanya sa Kanyang templo, at upang makita ang ekspresyon ng Kanyang mukha at bantayan kung Siya ay nasisiyahan sa kanya o hindi. * Ang paghahanap sa Dios at pagsunod sa Kanyang mga Salita ay isang magandang bagay dahil ito ay magdadala sa iyo sa buhay na sagana na ipinangako ni Jesus sa mga sumusunod sa Kanya.

Kailangan nating magkaroon ng malalim na relasyon sa Dios sa lahat ng ating damdamin, isipan, at debosyon para sa Kanya lamang; upang malaman kung ano ang nasa puso ng Dios para sa atin, ang Kanyang mabuti at perpektong plano. Sinabi ng Panginoong Dios, **“11 Sapagka't nalalaman ko ang mga pag-iisip na aking iniisip sa inyo, sabi ng PANGINOON, mga pag-iisip tungkol sa kapayapaan, at hindi tungkol sa kasamaan, upang bigyan kayo ng pagasa sa inyong huling wakas. 12 At kayo'y magsisitawag sa akin, at kayo'y magsisiyaon at magsisidalangin sa akin, at aking didinggin kayo. 13 At inyong hahanapin ako, at masusumpungan ako, pagka inyong sisiyasatin ako ng inyong buong puso.” (Jeremias 29:11-13 KJV)** Paano natin maisasakatu-paran ang mga mabuting plano at matatanggap ang perpektong hinaharap na inihanda ng Dios para sa atin kung hindi natin tinatawag ang Dios at masigasig na hinahanap ang Kanyang mukha? **Ang masigasig na paghahanap sa Dios ay hindi lamang ang paglapit sa Kanya at magdasal. Ang buong pusong paghahanap sa Dios ay ang makinig, sumunod, at sundin ang Kanyang Salita, ang nakasulat na Salita – ang Biblia at ang buhay na Salita – si Jesus.**

Ang Dios ay may mabubuting plano para sa bawat tao na nagbibigay ng hinaharap, pag-asa, at kasaganaan. Ngunit ang mga planong ito ay hindi matutupad at hindi mo ito mae-enjoy maliban kung sisimulan mong hanapin ang Dios nang buong puso. Ibinubunyag ng Dios ang Kanyang mga lihim sa mga taong may takot sa Kanya; sa mga handang sumunod sa Kanyang mga utos. **“14 Ang pakikipagibigan ng PANGINOON ay nasa nangatakatot sa kaniya; at ipakikilala niya sa kanila ang kaniyang tipan.” (Awit 25:14 KJV)**

Kapag nakakita ka ng isang maliit na bata na ilang taong gulang lamang, madali mong makikilala ang kanyang mga magulang dahil magkakapareho ang mga ekspresyon ng kanilang mukha sa kanya dahil taglay niya ang parehong mga pinagmulan nila. Sa parehong paraan, kapag tinanggap mo si Jesus bilang Tagapagligtas at Panginoon sa iyong buhay, tinatanggap ka rin Niya bilang Kanyang anak. Kaya upang maging anak ng Dios, dapat mong taglayin ang parehong katangian ng Dios at ng Kanyang Anak na si Jesu-Cristo. Kaya kapag hinahanap mo ang Dios at ang Kanyang Salita, at sinusunod mo ang sinasabi nito, masisimulan mong taglayin ang mga katangian ng Dios at ng Kanyang Anak na si Jesus at tunay kang matatawag na Cristiano.

Sa aking Mahal at Minamahal: “22 Datapuwa't maging tagatupad kayo ng salita, at huwag tagapakinig lamang, na inyong dinadaya ang inyong sarili. 23 Sapagka't kung ang sinoman ay tagapakinig ng salita at hindi tagatupad, ay katulad siya ng isang tao na tinitingnan ang kaniyang talagang mukha sa salamin: 24 Sapagka't minamasdan niya ang kaniyang sarili, at siya'y umaalis at pagdaka'y kaniyang nalilimutan kung ano siya. 25 Nguni't ang nagsisiyasat ng sakdal na kautusan, ang kautusan ng kalayaan, at nananatiling gayon, na hindi tagapakinig na lumilimot, kundi tagatupad na gumagawa, ay pagpapalain ang taong ito sa kaniyang ginagawa.” (Santiago 1:22-25 KJV) Yaong mga naghahanap ng mga mukha, nauupo sila sa harap ng tao at tinitingnan ang kanyang mukha upang iguhit nang eksakto ang mga detalye nito upang ang guhit ay magiging katulad ng mukha ng tao. * Sa parehong paraan, upang hanapin ang Dios ay ang hanapin ang Kanyang mukha, hanapin ang mas maraming detalye ng Kanyang mukha upang malinaw mo Siyang makilala, at ang ganitong kaalaman ay dumarating kapag kilala mo ang Kanyang Salita at isinasagawa mo ito, inilalapat ang mga iyon, upang ang iyong buhay ay malinaw na ipinapakita sa Dios, at si Cristo ay naipapakita sa iyong buhay at pang-araw-araw na pamumuhay. * Kailangan mong tumutok sa bawat salita ng Dios at patuloy na gawin ang sinasabi ng Kanyang Salita, at sa ganitong paraan, ang Dios ay malinaw na maipapakita sa iyong buhay, at makikita ka ng tao na may Dios sa iyong buhay, at sa ganitong paraan, maaabot mo ang layunin ng Dios para sa iyo sa paghahanap ng Kanyang mukha.

Manalangin tayo....

Sa aking Panalangin: Ama Dios, Ako'y lumalapit sa iyo sa pangalan ni Jesus na namatay sa krus para sa kapatawaran ng aking mga kasalanan, at muling nabuhay mula sa kamatayan upang ibigay sa akin ang buhay na walang hanggan. Panginoon, salamat sa iyong salita na nagpataas ng aking pananampalataya at pagtitiwala sa iyo at nagturo sa akin kung paano ka hanapin ng buong puso. Panginoon, salamat sa lahat ng materyal at espirituwal na pagpapala na ibinigay mo sa akin at ipinagkakaloob sa aking buhay. Panginoon, salamat sa lahat ng aral, pagtutuwid, pagpuna at pagbibigay-diin na natanggap namin sa mensaheng ito.

Ngayon magsisi ka at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong kayabangan at kakulangan ng pagpapakumbaba. Magsisi sa iyong maling motibo sa paghahanap sa Dios, na hinahanap mo ang Kanyang kamay at kung ano ang Kanyang ibibigay sa iyo at hindi hinahanap ang Kanyang mukha upang Siya'y mapaligaya. Magsisi sa kakulangan mo ng pananampalataya at buong pagtitiwala sa Dios at sa Kanyang Salita. Magsisi sa kakulangan ng iyong takot sa Dios, at sa pamumuhay at paggawa ng sariling paraan, sariling kagustuhan at plano. Magsisi sa pagiging makamundo at sa iyong pakikipag-ugnayan sa mga hindi nananampalataya at maraming kaibigan. Magsisi sa iyong pagnanasa, imoralidad, at sa iba pang gawa ng laman. Magsisi sa iyong makasariling pag-uugali, kakulangan ng pangako at hindi pagiging handa na ialay sa Dios ang iyong oras, pagsisikap at mga materyal na bagay. Magsisi sa pagiging masamang halimbawa sa iba. Magsisi sa kakulangan mo ng pasensya at pagpipigil sa sarili. Magsisi sa hindi kahandaang magtiyaga habang inaapi at nagdurusa para kay Cristo. Magsisi sa hindi kahandaang abutin ang mga nawawalang kaluluwa upang dalhin sila kay Cristo. Magsisi ka sa pag-aaksaya ng iyong oras at pagkasira ng isip sa pamamagitan ng Media, Balita, at mga laro. Magsisi ka sa kakulangan mo sa pagbabasa ng Salita ng Dios sa Bibliya at pag-aaral ng Kasulatan, at sa kakulangan mo sa panalangin. Panginoon, ako'y nagsisisi sa mga sumusunod na kasalanan _____.

Panginoon mula sa araw na ito, itinakda ko ang aking puso na hanapin ang iyong mukha at masigasig na pag-aralan ang iyong Salita at sumunod sa sinasabi nito. Panginoon, iniaalay ko ang aking sarili na iwan ang aking mga plano at ang aking kagustuhan, at handa akong gawin ang iyong kalooban at plano sa aking buhay. Panginoon, hinahanap ko ang iyong mukha upang mabuhay ng buhay na nakalulugod sa Iyo. O Panginoon, Aking Dios, taimtim kitang hinahanap. Ituro mo sa akin ang iyong Salita at ang Iyong mga daan. Paunti-unti mo akong ginagabayan at tinutulungan upang sundan ang iyong mga daan at gawin ang iyong kalooban. Salamat, Panginoon. Ito ang aking panalangin sa pangalan ni Jesus, Amen.

Panginoon, salamat sa aking mga Kapatid na lalaki at babae na nagsisi sa kanilang mga kasalanan at nagpasya na hanapin ang iyong mukha at hindi ang iyong kamay, at mamuhay ayon sa iyong Salita at sa iyong kalooban sa kanilang mga buhay. Panginoon, tulungan mo sila sa kanilang buhay at isa-isa silang gabayan habang hinahanap nila ang iyong mukha upang paluguran ka. Panginoon, suportahan mo sila ng iyong pagibig at biyaya upang magawa nila ang iyong kalooban at matupad ang iyong layunin sa kanilang buhay. Panginoon, itakda mong maging mabuting halimbawa sila sa iba upang sundan Ka. Panginoon, gawin mo ang mga himala at kababalaghan sa kanilang buhay at patatagin sila sa mga tagumpay upang malaman ng mga tao na Ikaw ang totoong Dios at sila ay iyong mga lingkod.

Panginoon, nananalangin kami para sa amin bilang isang simbahan na patuloy naming mapaglilingkuran Ka, hinahanap ang iyong mukha at ginagawa ang mga bagay na Kaaya-aya sa iyo, at iniaalay ang aming mga sarili na gamitin ang lahat ng mga yaman na ibinigay mo sa amin para sa layuning iyon. Panginoon, protektahan mo kami, ang aming mga pamilya, mga manggagawa at mga ministro mula sa lahat ng tukso ng

diyablo at ng mga demonyo nito; nilalabanan namin ang lahat ng gawa ng diyablo at itinataboy ito mula sa aming mga buhay sa pangalan ni Jesus. Panginoon, iniaalay namin ang aming mga sarili na lumakad sa harap mo nang may kababaang-loob at kabanalan alinsunod sa iyong kalooban at plano para sa amin. Panginoon, puspusin mo kaming muli ng Banal na Espiritu, at pangunahan mo kami at pagpalain na maabot ang mga bagong tao, makagawa ng mga bagong alagad at magturo sa mga bagong manggagawa, at magtayo ng mga bagong pag-aaral ng Bibliya at kapisanan para sa simbahan. Panginoon, nananalangin kami para sa mas maraming tao na mabautismuhan sa tubig at tumanggap ng bautismo ng Banal na Espiritu. Panginoon, pagpalain at palawakin mo ang lahat ng aming ministeryo, at ihanda mo kami para sa iyong pagbabalik ng kami'y makakasama sa iyo kapag dumating ka upang kunin kami. Panginoon, tuparin mo ang pananaw ng simbahan, "Pagpaparami sa kapayapaan sa pagsasakatuparan ng buong kalooban ng Dios". Panginoong pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at palayain kami sa kapahamakan upang hindi kami makaramdam ng sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus, at ang pagibig ng Dios, at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus Amen.

Dr. Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espirtual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com